# ABISO NG IYONG MGA KARAPATAN

Ang Abisong ito ay alinsunod sa seksiyon 5-14-040 ng Kodigo ng Munisipyo ng Chicago.

**HINDI ITO ISANG ABISO PARA UMALIS SA LUGAR.** Maaaring gusto mong makipag-ugnayan sa isang abogado o sa iyong lokal na legal na tagatulong o ahensiya sa pagpapayo sa pabahay para talakayin ang anumang karapatang maaaring mayroon ka.

Sa ilalim ng Keep Chicago Renting Ordinance (Ordinansa sa Pagpapanatili ng Pagpapaupa sa Chicago) ng Lungsod ng Chicago, kung isa kang kwalipikadong nangungupahan, may karapatan kang makatanggap ng $10,600 na tulong sa relokasyon kung hiniling sa iyong umalis sa iyong yunit, o kung nakatanggap ka ng alok na i-renew ang iyong kasunduan sa pag-upa para sa hindi bababa sa 12 buwan. Kung makakatanggap ka ng alok na i-renew ang iyong kasunduan sa pag-upa at isa kang kwalipikadong nangungupahan, may karapatan kang tanggihan ang alok at makatanggap ng $10,600 na tulong sa relokasyon.

Kung karapat-dapat ka bilang isang kwalipikadong nangungupahan at nabigo ang may-ari na bayaran ka ng nakatakdang tulong sa relokasyon, maaari mong idulog sa korte ang isang pribadong dahilan ng reklamo (cause of action) sa ilalim ng Keep Chicago Renting Ordinance.

Ang pangalan, address at numero ng telepono ng may-ari, tagapamahala ng ari-arian o ahente ng may-ari na responsable para sa narematang paupahang ari-arian ay ang sumusunod:

| |
|---|
| Pangalan: |
| Address: |
| Numero ng Telepono: |

Form 3